Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera
PAMPAARALANG SANGAY NG BENGUET
Wangal, La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) 422-6570; (074)422-7501

Document Code: SDO-BENG- QF-OSDS-SDS-003
Revision: 00
Effectivity date: 09-10-2019

**PANDIBISYONG MEMORANDUM** 163 **, S. 2020**

Name of Office: SDO-OSDS

**PARA SA:** Punong Tagamasid ng CID at SGOD
Mga Tagamasid sa Programang Pang-Edukasyon
Mga Pandistritong Tagamasid/Tagapamuno ng mga Distrito
Mga Namumuno ng mga Paaralang Publiko at Pribado
Lahat ng Kinauukulan

DEPARTMENT OF ... AUG 18 2020 ... Benguet Div...

**MULA KAY: BENILDA M. DAYTACA, EdD, CESO VI**
Nanunuparang Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

**PAKSA: BIRTUWAL NA PROGRAMA AT FORUM BILANG KULMINASYON NG PAGDIRIWANG NG 2020 BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**

**PETSA:** August 17, 2020

1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg 1041, s. 1997, idineklara ang buong Agosto tuwing taon bilang Buwan ng Wikang Pambansa (BWP) at ito'y ipinagdidiriwang sa pamumuno ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Sa kabila ng kasalukuyang pandemya, nagpalabas ang KWF ng opisyal na komunikasyon hinggil sa pagdiriwang ng 2020 BWP sa patnubay ng temang *"WIKA ng KASAYSAYAN, KASAYSAYAN ng WIKA: Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya "* upang itampok ang papel ng mga katutubong wika sa pagpapatatag ng pagtutulungan ng mga mga mamamayan sa pagharap sa krisis.

3. Bilang pakikiisa sa nabanggit na hangarin, isasagawa ng Sangay ng Benguet ang **Pandibisyong Birtuwal na Programa at Forum bilang Kulminasyon ng Pagdiriwang sa 2020 BWP** sa Agosto 27, 2020 mula 9:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali. Ito ay maipalalabas sa pamamagitan ng *Facebook live* gamit ang *DepEd Tayo Benguet* aacount.

4. Layunin ng pansangay na pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa na:
   a. mabibigyang-pansin ang diwa ng BAYANIHAN sa pagbibigay ng impormasyon na naaayon sa wika ng pamayanan;
   b. maitatampok ang *binnadang* bilang susi sa matagumpay na kahandaan para sa *distance o blended learning* sa taong panuruang 2020-2021; at
   c. mabibigyang-halaga ang papel ng mga katutubong wika sa pagpapayaman sa kulturang bayanihan.

5. Inaasahan ang aktibong panoood ng mga guro, namumuno ng mga paaralan at mga kawani ng Sangay ng Benguet sa nasabing gawain.

6. Ang halagang P300 na internet load ng mga tagapag-ugnay at mga miyembro ng komite para sa gawaing ito ay magmumula sa pondo ng dibisyon sa kondisyong ito ay susunod sa mga panuntunan ng pagtutuos at pag-oodit.

7. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap sa memorandum na ito.

*CID/RAG/mbm*